


# Mathematics

## Quarter 1–Module 15: Adding Mentally 1 to 2-Digit Numbers with Sums Up to 50 Using Appropriate Strategies



**Mathematics – Grade 2**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Quarter 1– Module 15: Adding Mentally 1 to 2-Digit Numbers with Sums Up to 50**  
**Using Appropriate Strategies**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

<b>Manunulat/Tagalapat:</b>	Cherry Ann C. Santos
<b>Editor:</b>	Perlita G. Pagdanganan, Marie Ann C. Ligsay
<b>Tagasuri:</b>	Agnes R. Bernardo, Nestor P. Nuesca
<b>Tagaguhit:</b>	Rafael E. Martinez, Romarico C. Sarondo
<b>Tagapamahala:</b>	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca Gregorio C. Quinto, Jr., Rainelda M. Blanco, Agnes R. Bernardo

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.p

# Mathematics

Quarter 1–Module 15:  
Adding Mentally 1 to 2-Digit  
Numbers with Sums Up to 50  
Using Appropriate Strategies

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Mathematics Baitang 2.

Ang mga aktibidad sa modyul na ito ay magtuturo din sa iyo na mabilis na makapagtuos gamit ang isip.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Nakapag-aadd sa pamamagitan ng isip ng 1 hanggang 2-digit numero na ang kabuuan ay hanggang 50 gamit ang tamang stratehiya.



## *Subukin*

Ating pagsamahin ang mga sumusunod na bilang. Gamit ang isip lamang.

$$\begin{array}{r} 34 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 16 \\ + 3 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 14 \\ + 2 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 21 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 11 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

Aralin

1


# Adds Mentally 1 to 2-Digit Numbers with Sums Up to 50 Using Appropriate Strategies



## *Balikan*

Alamin ang sagot sa sumusunod gamit ang isip lamang. Hulihin ang ibon na nagsasabi ng tamang sagot.

1. Ang 9 ay dagdagan ng 19.
2. Ang 21 ay dagdagan ng 14.
3. Ang 11 ay dagdagan ng 12.
4. Ang 13 ay dagdagan ng 23.
5. Ang 32 ay dagdagan ng 11.






## *Tuklasin*

Ang pagbibilang ay isa sa kawili-wiling bahagi ng ating buhay. Katulad ng pagtatanim ng halaman na isang kawiwiling gawain. Halinat ating samahan si Mang Kaloy habang nagtatanim ng gulay.

Si Mang Kaloy ay isang magsasaka, isa sa kanyang libangan ang pagtatanim ng mga gulay. Isang umaga siya ay nagtanim ng 12 upo at 6 ampalaya. Ilan lahat ang puno ng gulay ang naitanim ni Mang Kaloy?



Pagsagot sa tanong.

1. Ilang puno ng upo ang itinanim ni Mang Kaloy?
2. Ilang puno ng ampalaya ang itinanim ni Mang Kaloy?
3. Ilan lahat ang puno ng gulay ang naitanim ni Mang Kaloy?



## *Suriin*

Ang **addition** na may simbolong + ay kabilang sa apat na pangunahing operasyon ng matematika. Ang pagsasama ng dalawang bilang o higit pa ay katumbas ng kabuuang pinagsamang bilang. Sa araling ito ay ating aalamin kung paano ang magdagdag ng bilang mula 1 hanggang 2 digit na may kabuuang 50.

Narito ang paraan kung paano pinagsama ni Mang Kaloy ang gulay na kanyang itinanim.

12-	puno ng upo
+ 6-	puno ng ampalaya
<hr/>	
18-	kabuuang bilang nang naitanim ni Mang Kaloy


↓

Unang Hakbang-Pagsamahin ang ones.

↓

Ikalawang hakbang- ibaba ang tens





## *Pagyamanin*

### **Pinatnubayang Pagsasanay 1**

Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Idagdag ang mga bilang gamit ang isip lamang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Bilang ng pinitas na upo-26  
Bilang ng pinitas na talong- 13  
Kabuang bilang nang napitas na gulay \_\_\_\_\_
2. Bilang ng lalaking mag-aaral sa Baitang 2- 19  
Bilang ng babaeng mag-aaral sa Baitang 2- 21  
Kabuang bilang ng mga mag-aaral sa Baitang 2 \_\_\_\_\_
3. Bilang ng bata na mula sa private school - 6  
Bilang ng batang hindi galing a private school - 27  
Kabuang bilang ng mga bata mula sa private school at hindi galing sa private school \_\_\_\_\_
4. Bilang ng kotse sa parking area - 11  
Bilang ng motorsiklo sa parking area - 29  
Kabuang bilang ng mga sasakyan sa parking area\_\_\_\_
5. Bilang ng dumaang bus sa kalsada- 11  
Bilang ng dumaang bus sa jeep- 17  
Kabuang bilang ng mga sasakyang dumaan sa kalsada \_\_\_\_\_

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Pagsamahin ang sumusunod na bilang gamit ang isip lamang. Isulat sa papel ang iyong sagot.

1.  $12 + 6$   
A. 13  
B. 15  
C. 17  
D. 18
2.  $10 + 5$   
A. 12  
B. 15  
C. 17  
D. 18
3.  $11 + 6$   
A. 15  
B. 17  
C. 19  
D. 23
4.  $13 + 4$   
A. 11  
B. 15  
C. 17  
D. 19
5.  $13 + 5$   
A. 13  
B. 14  
C. 16  
D. 18

## Pinatnubayang Pagsasanay 3

Sumahin ang sumusunod bilang sa Hanay A gamit ang isip lamang. at hanapin ang sagot sa Hanay B.

Hanay A

1.  $12 + 3$

2.  $18 + 2$

3.  $10 + 4$

4.  $11 + 6$

5.  $12 + 7$

Hanay B

A. 14

B. 15

C. 17

D. 19

E. 20

## Malayang Pagsasanay 1

Hanapin ang nawawalang bilang sa patlang. Sumahin gamit ang isip lamang.

1.  $10 + \underline{\quad} = 15$

2.  $12 + \underline{\quad} = 13$

3.  $11 + \underline{\quad} = 16$

4.  $13 + \underline{\quad} = 15$

5.  $14 + \underline{\quad} = 16$

## Malayang Pagsasanay 2

Sumahin ang sumusunod gamit ang isip lamang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.  $23 + 3 = \bigcirc$

2.  $34 + 5 = \bigcirc$

3.  $41 + 7 = \bigcirc$

4.  $26 + 2 = \bigcirc$

5.  $31 + 4 = \bigcirc$



## *Isaisip*

Ang **addition** na may simbolong + ay kabilang sa apat na pangunahing operasyon ng aritmetika. Ang pagsasama ng dalawang bilang o higit pa ay katumbas ng kabuuang pinagsamang bilang.



## *Isagawa*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.


1. Si Alona ay bumili ng 20 kendi at 5 lollipop. Ilan lahat ang binili niya?
2. Mayroong 26 pulang bola sa loob ng kahon at 3 asul na bola. Ilan lahat ang bola?
3. Naipagbili ni Anna ang 34 na bulaklak ng Sampaguita sa umaga at 5 sa hapon. Ilan lahat ang bulaklak na naipagbili niya?
4. Mayroong 15 mansanas sa basket at bumili pa si Erika ng 4 na mansanas. Ilan lahat ang mansanas?
5. Bumili ng 27 mangga si Angelo kahapon at dinagdagan pa niya ito ng 2. Ilan lahat ang mangga na nabili niya?




## Tayahin

Ibigay ang sagot sa sumusunod gamit ang isip lamang.  
Isulat ang tamang sagot sa loob ng kalabasa.


1. Kung ang 8 ay idadagdag sa 18, ang kabuuan ay



2. Ilan lahat kung ang 27 ay dadagdagan ng 6?



3. Idagdag ang 6 sa 17, ang sagot ay



4. May 28 na babaeng kambing at 12 lalaking kambing sa isang malaking kulungan. Ilan lahat ng kambing na nasa kulungan?



5. Idagdag ang 5 sa 41.





## *Karagdagang Gawain*

Hanapin ang nawawalang bilang sa patlang. Sumahin gamit ang isip lamang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.  $10 + \underline{\quad} = 15$

2.  $12 + \underline{\quad} = 13$

3.  $11 + \underline{\quad} = 16$

4.  $13 + \underline{\quad} = 15$

5.  $14 + \underline{\quad} = 16$



# Susi sa Pagwawasto

Karagdang Gawain 1. 5 2. 1 3. 5 4. 2 5. 2	Tayahin 1. 26 2. 33 3. 23 4. 40 5. 46
--	--

Isagawa 1. 25 2. 29 3. 39 4. 19 5. 29	Malayang Pagsasany 1 1. 5 2. 1 3. 5 4. 2 5. 2 Malayang Pagsasany 2 1. 26 2. 39 3. 48 4. 28 5. 35	Pagyamanin 1. D 2. B 3. B 4. C 5. D 2 1. B 2. E 3. A 4. C 5. D Pinaatubayang Pagsasany 1. D 2. B 3. B 4. C 5. D Pinaatubayang Pagsasany
--	---	---

Pinaatubayang Pagsasany 1. 39 2. 40 3. 23 4. 40 5. 28	Balikan 1. 28 2. 35 3. 25 4. 36 5. 43	Subukin 1. 39 2. 19 3. 16 4. 25 5. 17
--	--	--

## *Sanggunian*

Catud, Herminio Jose, Shierley Ferera, Danilo Padilla, and Rogelio Candido. 2013. "K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN MATHEMATICS". Accessed April 4, 2020. *Slideshare.Net*. <https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mathematics>.

"LR Portal". Accessed April 4, 2020. *Deped LR Portal*. <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5455>.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)